CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Agosto 28, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inihayag ng Estado ng California ang Apat na Tier na Batayan ng Panganib upang Suriin ang COVID-19

Ang mga Tier na Color-Coded ay Batay sa Dalawang Pangunahing Sukatan

Long Beach, CA - Ang mga bagong hakbang para sa pagsubaybay ng pagkalat ng COVID-19 ay inihayag ni Gobernador Gavin Newsom ngayon. Ang color-coded na mga tier, na mula sa lila (laganap) hanggang dilaw (minimal), ay naglalagay sa Long Beach at lahat ng Los Angeles sa kategoryang lila. Ang mga paghihigpit para sa kategoryang lila ay katulad sa pagiging na sa listahan ng pagsubaybay sa dating sistema.

“Tulad ng sinabi ko mula sa unang araw, ang ating pagbubukas muli ay gagabayan ng data,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang framework ng buong estado na inilabas ng Gobernador ngayon ay malinaw na ipinakikita na gumagawa tayo ng progreso.”

Ang may baitang na sistema, kabilang sa Blueprint para sa Masligtas na Ekonomiya ni Newsom, ay base sa dalawang pangunahing sukatan: ang mga numero ng bagong kaso bawat araw (bawat 100,000 residente) at ang positivity rate (bilang ng mga positibong resulta ng pagsusuri kumpara sa lahat ng mga pagsusuri na pinangasiwaan). Ang breakdown para sa bawat baitang ay ang mga sumusunod:

- Lila (laganap) - higit sa pitong araw-araw na mga bagong kaso (bawat 100k); rate ng pagiging positibo na mas malaki kaysa sa 8%
- Pula (malaki) - apat hanggang pitong araw-araw na mga bagong kaso (bawat 100k); 5% hanggang 8% na rate ng pagiging positibo
- Kahel (katamtaman) - isa hanggang 3.9 araw-araw na mga bagong kaso (bawat 100k); 2% hanggang 4.9% rate ng pagiging positibo
- Dilaw (minimal) - mas mababa sa isang araw-araw na bagong kaso (bawat 100k); mas mababa sa 2% na rate ng pagiging positibo

Ang mga kalkulasyon para sa mga rate ng pagiging positibo at mga rate ng kaso ay binabago, ayon sa Estado. Ang mga binagong tagapaghiwatig ay nasa COVID-19 dashboard ng Lungsod simula Lunes, Agosto 31. Ang mga rebisyon na ito ay maaaring humantong sa isang pagkakaiba sa nakaraang data at hindi ito dapat ihambing sa mga

nakaraang numero. Ang mga rate ng pagiging positibo at ang mga rate ng kaso ay susuriin at maa-update tuwing Martes; upang mapataas ng isang baitang, ang county ay kailangan magpanatili ng numero na nagpapahiwatig ng mabuting kalagayan ng tatlong linggo. Kung ang isang county ay nagpakita ng data na inilalagay ang mga ito sa dalawang magkaibang kulay, ang mashmahigpit na patakaran ang ipapatakbo.

Ang mga bagong baitang ay nag-diditka rin ng yugto ng pagbubukas muli. Ang mga detalye tungkol sa kung ano ang pinapayagan na magbukas at manatiling sarado sa ilalim ng Blueprint para sa Masligtas na Ekonomiya ay makikita sa https://covid19.ca.gov/. Habang binabalangkas ng Estado, na malawak, kung ano ang pinapayagan sa ilalim ng bawat baitang simula Agosto 31, ang mga detalye tungkol sa kung ano ang maaaring magbukas, at mga protokol sa pagpapatakbo, ay nasa direksyon ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod. Ang pagbubukas ng mga bagong sektor o pagbabago sa kasalukuyang pagpapatakbo ng negosyo ay dapat mangyari lamang kasunod ng pagbibigay ng binagong mga Utos sa Kalusugan mula sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach.

Para sa napapanahong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###